


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8

## Wastong Gamit ng Maliit at Malaking Titik, Bantas at Pang-ukol sa Pagpapahayag ng Ideya o Damdamin sa Isang Paksa



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jophie S. Inso, Aimie S. Edullantes |
| **Editor:** | Jesselita S. Maglasang |
| **Tagasuri:** | Gerel Lourdes G. Ybanez, Allan Caballero, Mary Ann Mandao |
| **Tagalapat:** | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| **Tagapamahala:** | SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI |
| | ASDS Visminda Q. Valde, EdD |
| | ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE |
| | ASDS Juliet A. Magallanes, EdD |
| | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| | EPS Josephine L. Tomboc, EdD |



# Alamin

Kumusta ka kaibigan? Ngayon ay may bago na naman tayong isang makabuluhang leksiyon. Handa ka na bang malaman ito?

Magaling!

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na ang sumusunod na kasanayan ay iyong matatamo:

- Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas, gamit ang malaki at maliit na letra upang maipahayag ang ideya, damdamin o reaksyon sa isang paksa o isyu. F1KM-IIIj
- Natutukoy ang gamit ng maliit at malaking letra F1AL-IVb-7
- Nagagamit ng wasto ang pang-ukol F1WG-IVd-f-7



# Balikan

Halika't muli nating balikan ang ating nakaraang aralin.

**Panuto**: Kompletuhin ang mga pangungusap gamit ang mga bantas na nasa panaklong ( .  ?  ! )

1. Ano ang pangalan mo_____
2. Pakiayos ng plato sa lalagyan _____
3. Dumating si kuya kahapon _____
4. Kailan dumating si ate _____
5. Aba____ ang haba ng buhok niya _____



# Tuklasin

Ngayon ay sisimulan na natin ang pagtuklas sa aralin sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga sumusunod na mga pangungusap.

Napunta <u>sa</u> mangingisda ang malaking lambat na pinaglagyan ng mga nahuling isda.

Napunta <u>kay</u> Edward ang malaking lambat na pinaglagyan ng mga nahuling isda.

<u>Para sa</u> kaibigan ang dala niyang regalo.

<u>Para kay</u> Jimbo ang dala niyang regalo.

Wow! Ang galing mo kaibigan. Ngayon nais kong sagutin mo ang mga sumusunod na mga katanungan.

1. Ano-ano ang mga salitang may salungguhit?
2. Ano-ano ang mga pangalan ang nag-uugnay sa salitang may salungguhit?

Sa mga pangungusap na ating binasa mapapansin mo ang mga pangalan ng tao tulad ng:

| | |
|---|---|
| mangingisda | Edward |
| kaibigan | Jimbo |



# Suriin

Upang lubos mong maunawaan ang aralin, halika't suriin natin ang bawat bahagi ng mga ito.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga salitang ginamit sa binasa nating pangungusap.

| | |
|---|---|
| sa | para sa |
| kay | para kay |

Ang mga salitang ito ay tinatawag na **pang-ukol.** Ang pang-ukol ay salita o mga salita na nag-uugnay sa pangngalan, panghalip at iba pang mga salitang pinag-uukulan ng kilos o gawa at layon.

Ang pang-ukol na **sa** ay ginagamit upang matukoy ang di-tiyak na ngalan tao, lugar, at hayop na nagmamay-ari ng isang bagay. Ang pang-ukol na **kay** naman ay para tukuyin ang tao na may tiyak na pangalan.

Ginagamit ang pang-ukol na **para sa** upang tukuyin ang bagay na laan o ibibigay sa tao o hayop na di tiyak ang pangalan.

Ang pang-ukol na **para kay** naman ay ginagamit upang tukuyin ang bagay na laan o ibibigay sa tao o hayop na may tiyak na pangalan. Ang mga salitang *mangingisda* at *kaibigan* ay di-tiyak na ngalan ng tao. Ito ay tinatawag na **pangngalang pambalana.**

Ang pangalang pambalana ay tumutukoy sa di tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook. Ito ay nagsisimula sa maliit na titik.

Halimbawa: sapatos, kabayo, bundok, sundalo

Ang mga salitang *Edward* at *Jimbo* naman ay mga tiyak na pangalan ng tao. Ito ay tinatawag na **pangngalang pantangi**.

Ang pangngalang pantangi ay tumutukoy sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook. Nagsisimula ito sa malaking titik.

Halimbawa: Dr. Perez, Brownie, Maynila

Gumagamit din tayo ng malaking letra kapag ito ay unang salita sa pangungusap.

Halimbawa: Maagang umuwi si nanay sa bahay.

Sa paggawa ng pangungusap gumagamit din tayo ng ibat ibang bantas upang lubos na maunawaan ang nais ipahayag na ideya.

Ang mga sumusunod ay mga uri ng bantas at ang gamit nito.

| Mga Bantas | Gamit |
|---|---|
| . (tuldok) | Ginagamit ito sa pagsasabi ng impormasyon. |
| ? (tandang pananong) | Ginagamit ito sa mga pangungusap na nagtatanong ng impormasyon. |
| ! (tandang padamdam) | Ginagamit ito kung nais mong sabihin ang pagkatakot, pag-alala, pagkabahala, pagkagulat sa isang impormasyon. |



# Pagyamanin

Sa pagpapatuloy ng ating aralin ay may inihanda akong ilan pang mga gawain para sa'yo. Handa ka na ba? Magaling!

Panuto: Kumpletuhin ang mga pangungusap gamit ang mga pang-ukol na ***sa, kay, para sa,*** at ***para kay.***

1. ________________ Ana ang mga pagkain sa mesa.
2. Mabait ____________ mga guro ang kaibigan kong si Jaypee.
3. _____________mga anak ang pagsisikap ng bawat magulang.
4. Magalang _________ mga matatanda si Reynold.
5. Ituro mo____________ Ben ang bagong tindahan ng prutas.



# Isaisip

Ikinagagalak ko ang iyong pagkatuto sa ating aralin. Ngayon, muli kong susubukan ang iyong galing! Maging masaya sa pagsagot sa sumusunod na gawain.

**Panuto**: Punan ng tamang salita ang bawat patlang upang mabuo ang pahayag.

Ang ____ay salita o mga salita na nag-uugnay sa pangngalan, panghalip at iba pang mga salitang pinag-uukulan ng kilos o gawa at layon.

Ang pang-ukol na sa ay ginagamit upang matukoy ang ______na ngalan ng tao, lugay at hayop na nagmamay-ari ng isang bagay.

Ang pang-ukol na kay naman ay para tukuyin ang _____ tao na may tiyak na pangalan.

Ang pang-ukol na _____ ay ginagamit upang tukuyin ang bagay na laan o ibibigay sa tao o hayop na di- tiyak ang pangalan.

Ang pang-ukol na ____ ginagamit upang tukuyin ang bagay na laan o ibibigay sa tao o hayop na may tiyak na pangalan.

Ang ____ay tumutukoy sa di tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook. Ito ay nagsisimula sa maliit na titik.

Ang pangngalang pantangi ay tumutukoy sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook. Nagsisimula ito sa _____titik.

Gumagamit din tayo ng malaking letra kapag ito ay _______ng pangungusap.

Ang __________ay ginagamit sa pagsasabi ng impormasyon.

Ang______ay ginagamit sa mga pangungusap na nagtatanong ng impormasyon.

Ang ______ ay ginagamit kung nais mong sabihin ang pagkatakot, pag-alala, pagkabahala, pagkagulat sa isang impormasyon.



# Tayahin

Upang lubos na mahasa ang iyong kakayahan nais kong sagutin mo ang sumusunod na mga gawain.

**Panuto**: Piliin ang tamang pagkasulat ng sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang mapipiling sagot.

Mabait na tao si Dr. Decastro.
Mabait na tao si Dr. Decastro?
Mabait na tao si Dr. Decastro!

1. Sagot: ________________________________________________

Naku? ang ganda naman ng sapatos mo.
Naku! ang ganda naman ng sapatos mo
Naku! ang ganda naman ng sapatos mo.

2. Sagot: _______________________________________________

Saan sa manila kayo nakatira?
Saan sa Manila kayo nakatira?
saan sa Manila kayo nakatira?

3. Sagot: ________________________________________________
    Kumain kami ng hamburger sa jollibee.
    Kumain kami ng hamburger sa Jollibee?
    Kumain kami ng hamburger sa Jollibee.
4. Sagot: _________________________________________________
    Nawala ang aso namin na si Bantay.
    Nawala ang aso namin na si bantay?
    nawala ang aso namin na si Bantay.
5. Sagot: ________________________________________________

**Panuto**: Piliin ang wastong pang-ukol at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. _______________ kaligtasan ang pagpapaalis sa mga taong nakatira sa gilid ng pangpang.
   a. Para sa   b. Para kay   c. Kay   d. Sa
2. ________________ Alvin, mahalaga ang kanyang pag-aaral.
   a. Para kay   b. Para sa   c. Kay   d. Sa
3. Maganda _______ katawan ang tamang pag-ehersisyo.
   a. kay   b. sa   c. para kay   d. para sa



# Karagdagang Gawain

Binabati kita sa iyong tagumpay! Napaglampasan mo ang mga naunang pagsubok. Ito na ang panghuli mong gawain!

**Panuto**: Magbigay ng dalawang (2) tiyak na pangalan at tatlong (3) di-tiyak na pangalan ng tao,bagay, hayop o pook. Isulat ito sa loob ng kahon. Sundan ang unang ibinigay.

| Tiyak na pangalan | di-tiyak na pangalan |
|---|---|
| Hermis | Guro |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

1. ?
2. .
3. .
4. ?
5. !, .

**PAGYAMANIN**

1. para kay
2. sa
3. para sa
4. sa
5. para kay

**TUKLASIN:**

sa, kay, para sa, para kay mangingisda, Edward, kaibigan, Jimbo

**TAYAHIN:**

1. Mabait na tao si Dr. Decastro.
2. Naku! ang ganda naman ng sapatos mo.
3. Saan sa Manila kayo nakatira?
4. Kumain kami ng humburger sa Jollibee.
5. Nawala ang aso namin na si Bantay.

# Sanggunian


Calatrava, Sacho, Soniega, Arabella Mae, and Sabile, Josephine. *Bumasa at sumulat Filipino 1: Kagamitan ng mag-aaral*, Republika ng Korea, Principia Co., 2017.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.